

TINUTULUNGAN KAMING MATUTUKAN KA

Bagong teknolohiya upang mapabuti ang iyong pangangalaga.

Sa UC Davis Health, palagi kaming naghahanap ng mga paraan para makapagbigay ng mas mabuting pangangalaga. Iyon ang dahilan kung bakit ginagamit ng iyong clinician ang Abridge, isang bagong teknolohiya na nagpapahintulot sa kanila na mas tutukan ka at sa iyong mga pangangailangan sa kalusugan.

Paano ako makikinabang sa Abridge?

Sa isang karaniwang pagbisita sa opisina, ang iyong clinician ay dapat maglagay ng mga tala at iba pang impormasyon sa isang computer upang i-update ang iyong medikal na rekord. Pinalalaya ng bagong serbisyong ito ang iyong clinician sa pagpasok ng data sa panahon ng iyong pagbisita, ibig sabihin ay makakakuha ka ng mas nakatutok na atensyon mula sa iyong clinician.

Paano gumagana ang Abridge?

Nire-record ng Abridge ang iyong pakikipag-usap sa iyong clinician sa panahon ng pagbisita. Pagkatapos ay gagawa ito ng buod gamit ang Artificial Intelligence (AI). Nire-review ng iyong clinician ang buod para sa katumpakan at idinaragdag ito sa iyong medikal na rekord.

Pananatilihin bang pribado at secure ang ating pag-uusap?

Ang iyong seguridad at privacy ang aming mga pangunahing priyoridad. Ang Abridge ay HIPAA-compliant, at lahat ng data ay naka-encrypt. Ang iyong pangkat ng pangangalaga o awtorisadong tauhan lamang ang may access sa iyong impormasyon, at lahat ng mga pag-record ay buburahin pagkatapos ng 30-araw.

Patuloy bang magre-record ang Abridge?

Ang pag-record ay sisimulan, ihihinto, at ipo-pause ng iyong clinician. Maaari nilang i-pause ang pag-record kung mas gusto mong hindi ma-record ang ilang partikular na bahagi ng pag-uusap.

Makakapili ba ako kung ang aking clinician ay gumagamit ng Abridge?

Oo. Kung ayaw mong gamitin ng iyong clinician ang Abridge, ipaalam lang sa kanila. Ang iyong pangangalaga ay hindi maaapektuhan.

Paano kung may iba pa akong tanong?

Mangyaring makipag-usap sa iyong clinician bago, habang, o pagkatapos ng iyong pagbisita. Ikinalulugod naming bigyan ka ng karagdagang impormasyon.



Ugnayan ng Pasyente

2315 Stockton Blvd.

Sacramento, CA 95817

hs-patientrelations@ucdavis.edu

800-4-UCDAVIS
(800-482-3284)

health.ucdavis.edu